# Danalangin ng mga. Kristiyano, sa Maghapon LITURGY OF THE HOURS

# Panalangin sa Takipsilim

Ika-4 ng Pebrero, 2022 { Ika-4 Biyernes sa Karaniwang Panahon }



# Panalangin sa Takipsilim

### Tumayo at gawin ang tanda ng krus

- O Diyos, halina at ako'y tulungan.
  - O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
 Amen.

#### **AWIT**

Sa iyo'y pasasalamat, Amang sa 'mi'y nagtanim, Ng iyong ngalang banal sa mga puso namin. Pananampalataya't buhay na walang maliw, Ang Anak mong si Hesus ang sa ami'y ihain.

Tunghayan mong may awa ang banal mong Simbahan, Ilayo sa masama at lagi mong bantayan, Gawin mo kaming ganap sa iyong pagkamahal, Linisin at iayon sa iyong kalooban.

Tulad ng mga butil, na dati'y nagsiwalat, Nang ito ay nag-uhay,'sang tinapay naganap; Kaya't saan mang dako, Simbahan ay ikalap Tungo sa paghahari ng'yong banal na Anak.

Umupo o tumayo

#### MGA ANTIPONA AT SALMO

# Antipona 1

Pupurihin kita araw-araw, Panginoon, at ihahayag ang iyong mga kabutihan.

#### Salmo 145

(Pagpupuri sa kadakilaan ng Diyos)

Ī

Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari, aking ihahayag, Di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat. Aking pupurihi't pasasalamatan siya araw-araw, Di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman. Dakila ang PANGINOON, at karapat-dapat na siya'y purihin; Ang kadakilaan niya ay mahirap nating unawain.

Sa alinmang lahi, ang iyong ginawa ay papupurihan, Ihahayag nila ang mga gawa mong makapangyarihan. Ang karangalan mo at pagkadakila'y ipamamalita, At isasaysay ko ang mga gawa mo na kahanga-hanga.

Ang mga gawa mong makapangyariha'y ipamamalita; Sa lahat ng tao'y aking sasabihing ikaw ay dakila. Ihahayag nila ang lahat ng iyong mga kabutihan, Aawitin nila ang kabutihan mo't iyong kabaitan.

O itong PANGINOON ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag, Banayad magalit, ang pag-ibig niya'y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; Sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi.

Magpupuring lahat sa iyo, O PANGINOON, ang iyong nilalang; Lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan. Babanggitin nilang tunay na dakila ang 'yong kaharian, At ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan.

Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao, Mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo. Ang paghahari mo'y sadyang walang hanggan, hindi magbabago.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Pupurihin kita araw-araw, Panginoon, at ihahayag ang iyong mga kabutihan.

# Antipona 2

Sa iyo lamang kami nagtitiwala, Panginoon; malapit ka sa mga tumatawag sa iyo.

II

Di ka bibiguin sa mga pangako pagkat ang Diyos ay tapat,

Ang kanyang ginawa kahit ano ito ay mabuting lahat. Siya'y tumutulong sa lahat ng tao na may suliranin; Yaong inaapi'y inaalis niya sa pagkagupiling.

Lahat ng mga buhay ay tanging ang PANGINOON ang inaasahan, Siyang nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan. Binibigyan sila nang sapat na sapat, hindi nagkukulang; Anupat ang lahat ay may tinatanggap na ikabubuhay.

Matuwid ang Diyos sa lahat ng bagay niyang ginagawa; Kahit anong gawin ay kalakip doon ang habag at awa. Siya'y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao Sa sinumang taong pagtawag sa kanya'y tapat at totoo.

Yaong kailangan niyong mga taong may takot sa kanya, Kanyang tinutugon, at kung nagigipit hinahango sila. Yaong umiibig sa kanya ng lubos ay iniingatan; Ngunit ang masama'y wawasakin niya't walang mabubuhay.

Aking pupurihin ang Diyos na PANGINOON, di ko tutugutan Sa ngalan niyang banal, lahat ay magpuri magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Sa iyo lamang kami nagtitiwala, Panginoon; malapit ka sa mga tumatawag sa iyo.

# Antipona 3

Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

Awit: Pahayag 15:3-4
(Awit ng Pagsamba)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa! O Hari ng mga bansa, Matuwid at totoo ang iyong mga daan! Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON? Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!

Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

#### Antipona

Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

Umupo

#### Pagbasa ng Salita ng Diyos

#### Roma 8:1-2, 10-11

Kaya nga, hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipagisa kay Kristo Hesus. Wala na ako sa ilalim ng batas ng kasalanan at kamatayan sapagkat pinalaya na ako ng batas ng Espiritung nagbibigay-buhay, bunga ng pakikipag-isa kay Kristo Hesus. Ngunit kung nasa inyo si Kristo, bagama't patay na ang inyong mga katawan dahil sa kasalanan, buhay naman ang inyong espiritu dahil sa pinawalang-sala na kayo. Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Hesukristo, ang Diyos ding iyan ang magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan ng kanyang Espiritung nananahan sa inyo.

#### **TUGUNAN**

Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos maging alay.

 Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos maging alay.

Namatay siya sa mundong ito na makasalanan, ngunit sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ay muling nabuhay,

— upang sa Diyos maging alay.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

 Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos maging alay.

#### PAPURING AWIT NI MARIA

#### Antipona

Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong awa, ang sumpang binitiwan mo sa aming mga magulang.

Lukas 1:46-56

#### Gumawa tanda ng krus

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.

Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan — Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, Sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael, Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang, Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong awa, ang sumpang binitiwan mo sa aming mga magulang.

#### PANGKALAHATANG PANALANGIN

Dumalangin tayo kay Kristo, ang pinagmumulan ng pag-asa ng lahat ng nakakakilala sa kanyang ngalan:

— Panginoon, kami'y kaawaan.

Kristo, sadyang mahina ang aming pagkatao, palakasin kami sa tulong ng awa mo.

— Panginoon, kami'y kaawaan.

Sa aming sarili, likas kaming nahuhulog sa sala, ang iyong pag-ibig nawa ang magpanumbalik sa amin sa biyaya.

— Panginoon, kami'y kaawaan.

Panginoon, labag sa iyong kalooban ang pagkakasala ngunit iyong kinalulugdan ang pagsisisi, kahit sa aming pagkakasala, kami'y iadya sa kaparusahan.

— Panginoon, kami'y kaawaan.

Pinatawad mo ang nagsising makasalanan, at pinasan sa balikat ang tupang nawala,

huwag ipagkait sa amin ang iyong awa.

— Panginoon, kami'y kaawaan.

Sa pamamagitan ng iyong pagkamatay sa krus, binuksan mo ang pinto ng langit,

tanggapin sa iyong kaharian ang mga umasa sa iyo at nanabik

— Panginoon, kami'y kaawaan.

#### Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.

At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, At iadya Mo kami sa lahat ng masama. Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan, At ang kadakilaan, magpakailanman.

# Pangwakas na Panalangin

# Ama,

kaloob mo'y kaligtasan sa sangkatauhan, sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Kristong iyong Anak. Maialay rin nawa ng iyong bayan ang sarili sa iyo bilang buhay na handog at tigib ng pagpapalang dulot ng pag-ibig mo. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang-hanggan.

— Amen.

# Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

#### PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



# United States, Canada, India, Philippines www.ebreviary.com